
# Point VIEWER Publishing

PVN

ISSN : 2704 - 4270 | VOL. VIII | ISSUE NO. 30 | FEBRUARY 23 - MARCH 01, 2026 | ₱15.00


The Word of God






by: Bro. Ernie Acayan

PAHINA 5

CHARISMATIC OUTREACH MINISTRIES FOUNDATION, INC.

50 na mga terminal ng mga jeep at bus pinasasagot ng LTFRB PAGE 3



# DATING NAGSAMPANG KASO VS FPRRD SA ICC, UMAASAHANG MAY IBA PANG MATUTUKOY NA 'CO-PERPETRATOR' P2

Kampo ni Mary Jane Veloso, iginiit ilegal ang patuloy na pagkakadetene; 'clemency', hiniling pagbigyan na ni PBBM



PAGE 2

Pinay skier Tallulah Proulx naging pang-52 sa Winter Olympics



PAGE 8

## DEPDev-DOST Partnership Aligns and Strengthens Region 1 RDI Directions PAGE 3



PAGE 2 Modus sa signal at whatsapp gamit ang pangalan ni Sec. Gatchalian, bistado ng DSWD

## PNP Chief, ipinag-utos ang pagtugis sa mga suspek sa likod ng 2 insidente ng pamamaril sa ex-beauty queen, OrMin electric cooperative official P2



P3 EMPLOYMENT SECURED

LeBron James nagtala ng bagong record sa panalo ng Lakers kontra Mavs

BASAHIN SA PAHINA 8

Filipino Olympian Francis Ceccarelli, 54th place sa 2026 Winter Olympics

BASAHIN SA PAHINA 8



BAUERTEK PHARMACEUTICAL TECHNOLOGIES AND RIZAL TECHNOLOGICAL UNIVERSITY SIGN MEMORANDUM OF AGREEMENT PAHINA 3

NMC, tiniyak ang pagpapalakas sa morale ng mga residente malapit sa WPS kasunod ng 'give-up' statement ni Marcoleta PAGE 2

# Dating nagsampa ng kaso vs FPRRD sa ICC, umaasahang may iba pang matutukoy na 'co-perpetrator'



Umaasa ang isa sa mga nagsampa ng kaso laban kay dating Pang. Rodrigo Duterte sa International Criminal Court (ICC) na madadagdagan pa ang malalaking pangalan na makakasama sa listahan ng 'co-perpetrators'.

Unang inilabas ng ICC ang listahan na kinabibilangan ng walong dating nagsilbing opisyal tulad nina Sen. Ronald Dela Rosa, Sen. Bong Go, dating Justice Secretary Vitaliano Aguirre, atbpa.

Ayon kay dating Magdalo Rep. Gary Alejano, may ilan pang pangalan na nakapaloob sa mga dokumentong inihain nila sa international tribunal kasunod ng pagsasama ng kaso laban sa dating pangulo.

Gayunpaman, maiintidihan umano niya kung hindi na maisama ang mga ito sa listahan at tuluyang maisyuhan ng warant of arrest.

Marunong aniya ang ICC sa pag-analisa sa mga dokumento, kaya't tiyak na napag-aralan na nila ang papel ng bawat perpetrator, bago pa man inilabas ang naturang listahan.

Magandang panimula na rin aniya na tinukoy ng international court ang maraming indibdwal na may malaking papel sa madugong drug wa, lalo na para sa pamilya ng mga itinuturing na biktima ng extra-judicial killings na nangyari sa kasagsagan ng kampaniya.

Naniniwala si Alejano na sa lalong madaling panahon ay susunod na rin ang warrant of arrest laban sa mga co-perpetrator, tulad ng nangyari noon kay dating Pang. Rodrigo Duerte na tinuoy bilang principal suspect sa crimes against humanity.



# Modus sa signal at whatsapp gamit ang pangalan ni Sec. Gatchalian, bistado ng DSWD

Alerto ngayon ang Department of Social Welfare and Development (DSWD) laban sa mga sindikatong gumagamit ng pangalan at larawan ni Secretary Rex Gatchalian upang makapangikil ng pera.

Sa inilabas na abiso ng ahensya, talamak ngayon ang solicitation scam sa mga messaging apps tulad ng Signal at WhatsApp.

Modus ng mga suspek na gamitin ang pagkakakilanlan ng kalihim, o di kaya ay magpakilalang aide at staff nito, upang manghingi ng malaking halaga ng donasyon para umano sa mga foundation.

Mariin namang nilinaw ni Gatchalian na wala siyang binibigyang pahintulot na sinuman para mangalap ng pondo.

Payo ng DSWD sa publiko, maging mapanuri at huwag basta-basta magpapadala ng pera.

Hinimok din nila ang mamamayan na i-verify muna ang matatanggap na mensahe at i-report ito sa kanilang opisyal na tanggapan.

# NMC, tiniyak ang pagpapalakas sa morale ng mga residente malapit sa WPS kasunod ng 'give-up' statement ni Marcoleta

Tiniyak ng National Maritime Council ang pagpapalakas sa morale ng mga residenteng nakatira sa mga teritoryo ng Pilipinas na direktang nakaharap sa West Philippine Sea.

Ito ay kasunod ng kontrobersyal na pahayag ni Sen. Rodante Marcoleta na 'i-give-up' ang Kalayaan Island Group (KIG) dahil ito ay nasa labas na ng Exclusive Economic Zone (EEZ) ng Pilipinas.

Sa panayam ng Philippines kay NMC Spokesperson Usec. Alexander Lopez, sinabi niyang inaasikaso ng pamahalaan ng Pilipinas ang pangangailangan ng mga residente upang masigurong magkaroon ng maayos at kalidad na pamumuhay ang mga ito sa kabila ng kanilang pagkakahiwalay sa mainland Luzon.Sa ngayon, nabigyan na rin aniya sila ng disenteng road network, mga eskwelahan, supply ng malinis na tubig, kuryente, atbpang mahahalagang serbisyo.

Dinadalasan din aniya ng pamahalaan ang pagdalaw sa mga residente upang masigurong hindi bababa ang kanilang morale sa kabila ng kakaibang opinyon ng ilang Philippine officials ukol sa ligal na estado ng naturang teritoryo.

Paliwanag pa ng NMC official, bagaman nagiging pahirapan ang pagtungo sa lugar dahil sa kalimitang kailangan ng assets ng Armed Forces of the Philippines at Philippine Coast Guard, nakabuo na rin aniya ang local officials ng epektibong transport system mula sa mainland Palawan patungo sa KIG.

Ito ay nagpapakita lamang aniya na epektibo ang lokal na pamamahala sa naturang lugar, sa kabila ng lokasyon nito.

# Ombudsman, kumpyansa nabigyan ng 'due process' si ex-Sen. Bong Revilla sa kasong isinampa sa Sandiganbayan

Kumpyansa ang Office of the Ombudsman na nabigyan nila ng 'due process' si former Sen. Bong Revilla Jr. hinggil sa kasong isinampa may kinalaman sa maanomalyang proyektong flood control.

Ayon kay Assistant Ombdusman Mico Clavano, pinasagot naman raw ang dating mambabatas at binigyan ng mga oportunidad para magsumite ng kanilang depensa.

Kung kaya'y nanindigan ang tanod-bayan na nasunod ang tamang proseso sa pagsasampa ng kaso o 'due process' laban sa dating senador.

Kaugnay ang pahayag nang paburan ng ikatlong dibisyon ng Sandiganbayan ang apela ni former Sen. Revilla na iparekunsidera ang resolusyon ng Ombudsman na makasuhan sila ng 'malversation'.Naghain kasi ang kampo nito at kapwa aksuadong si Juanito Mendoza ang 'motion for reconsideration' sa naturang korte.

Hinaing kasi nila na hindi sila nabigyan ng 'due process' o nilabag ang karapatan sa pagkakaroon nang masampahan ng kaso ukol sa anomalya ng flood control



# PNP Chief, ipinag-utos ang pagtugis sa mga suspek sa likod ng 2 insidente ng pamamaril sa ex-beauty queen, OrMin electric cooperative official

Ipinag-utos na ni Philippine National Police (PNP) Chief Gen. Melencio Nartatez Jr. ang manhunt operation laban sa mga suspek sa likod ng dalawang insidente ng pamamaril sa dating beauty queen sa Isabela at isang electric cooperative official sa Oriental Mindoro.

Sa isang statement, nagpahayag ng mariing pagkondena ang hepe ng pambansang pulisya laban sa naturang mga krimen at tiniyak na kanilang tutukuyin at aarestuhin ang lahat ng sangkot sa dalawang insidente ng pagpatay para makamit ang hustisiya at rule of law.

Matatandaan, noong gabi ng Biyernes, binaril ang 32 anyos na guro at Miss Philippines Earth 2013 first runner up na si Lullete Jane Ramilo-De Guzman sa labas ng kaniyang bahay sa Barangay Cabaritan sa San Manuel, Isabela.

Nag-alok na rin si San Manuel Mayor Faustino Dy IV ng inisyal na P50,000 pabuya mula sa kaniyang sariling bulsa para sa sinumang makapagbibigay ng mahalagang impormasyon na magreresulta sa pagkakadakip ng mga salarin.

Sa hiwalay na insidente sa pareho ding araw sa Oriental Mindoro, nasawi ang 64 anyos na electric cooperative official na si Tony Mendeja.

# Kampo ni Mary Jane Veloso, iginiit ilegal ang patuloy na pagkakadetene; 'clemency', hiniling pagbigyan na ni PBBM

Iginiit ng kampo ni Mary Jane Veloso na ilegal ang patuloy na pagkakadetene sa kulungan magpasahanggang ngayon.

Binigyang diin ni Atty. Edwin Dela Cruz ng National Union of Peoples Lawyers na ipinagbabawal sa batas na ikulong ang isang indibidwal sa kabila ng walang kinakaharap na pormal na kaso.

Ito aniya ang sitwasyon ni Veloso sa kasalukuyan kung kaya't kinuwestiyon ng naturang abogado ang pagkakakulong nito aabot ng higit isang taon.

Nanindigan ang kanilang kampo na walang kaso si Veloso sa Pilipinas at pawang biktima lamang ng 'human trafficking' sa ibang bansa.

Dahil rito'y inihayag pa ni Atty. Dela Cruz na ang hindi pagpapalaya kay Veloso ay maituturing ng 'illegal detention'.Kung kaya't nanawagan siya kina Pangulong Ferdinand 'Bongbong' Marcos Jr. pati kay Department of Justice Sec. Fredderick Vida na ito'y bigyang linaw.

Harapin aniya nila si Veloso at pagbigyan na itong makalaya sa pamamagitan ng paggawad ng 'clemency' mula sa pangulo.Ang mga magulang naman ni Mary Jane na sina Caesar at Celia Veloso ay muling nanawagan kay Pangulong Marcos Jr. na dinggin ang kanilang hiling na mapalaya ang anak.

Si Mary Jane Veloso ay maaalalang naiuwi pa rin sa Pilipinas noong 2024 sa kabila nang mapatawan ng parusang kamatayan sa Indonesia buhat madawit sa kasong may kinalaman sa ilegal na droga.

Point VIEWER Publishing PVN

*LEMUEL D. JUNIO*
Publisher

*DARYL JETT M. ALVAREZ*
Editor-in-Chief

*JOEL A. CANTOR*
Assistant

*DEMILYN JOYCE M. ALVAREZ*
Layout Artist

PVN POINT VIEWER PUBLISHING is published weekly, Monday, and circulated in the Philippines and office is located at No. 59 K - I Street corner K - 7 Street, Barangay East Kamias, Quezon City, Metro Manila, Philippines. The newspaper's advocacy is to promote "accountability, good governance, justice, rule of law, transparency, truth, good ethics and positive values and priciples" in the private and public sectors!

papi
Publishers Association of the Philippines, Inc.

**DISCLAIMER**

READERS, BUYERS & SELLER and PROSPECTIVE JOB APPLICANTS are hereby advised to make necessary inquiries before getting into binding agreement in relation to an advertisement in PVN POINT VIEWER PUBLISHING.

PVN POINT VIEWER PUBLISHING shall not be held liable for any loss or incurred through any advertisement published in the said ads paper.

**INFORMATION**

**Contact Number**
+63 921 561 0398 / +63 948 841 7993 / 8281-5802
**Website**
www.pvnpvp.com
**Email Address**
pvnpointviewerpublishing@yahoo.com
pvnpointviewerpublishing@gmail.com

**ADVERTISING RATE**

**Commercial/Display:** P200.00/column Centimeter
**Classified/Legal Notice:** P160.00/column Centimeter

# BAUERTEK PHARMACEUTICAL TECHNOLOGIES AND RIZAL TECHNOLOGICAL UNIVERSITY SIGN MEMORANDUM OF AGREEMENT



– BauerTek Pharmaceutical Technologies and Rizal Technological University (RTU) formally signed a Memorandum of Agreement (MOA) for a strategic collaboration in the research and production of high-quality medicinal plants. The agreement was signed by BauerTek General Manager Mr. Richard Nixon Gomez and RTU President Dr. Ma. Eugenia M. Yangco. Witnessing the signing was former DOST Secretary Engr. Fortunato Dela Peña.

Under the agreement, BauerTek will collaborate with RTU in producing medicinal plants that will serve as raw materials for their nutraceutical-grade supplements. BauerTek is known in the industry as a manufacturer of high-quality nutraceutical products, with raw materials sourced from various state universities and colleges that operate their own processing facilities within their campuses.

As part of the partnership, RTU will serve as one of the moringa plantation sites, with support from the Department of Science and Technology (DOST) and the Department of Agriculture (DA). The project is expected to provide significant benefits to students and faculty, particularly in the areas of research and development, as well as livelihood programs and the strengthening of the local economy.

This collaboration highlights the strong partnership among the academe, industry, and government in advancing innovation and sustainable development.







# DEPDev-DOST Partnership Aligns and Strengthens Region 1 RDI Directions





Representatives from DEPDev RO1 led by Division Chief John F. Gagucas (second from left) and representatives from DOST RO1 led by Regional Director Teresita A. Tabaog (third from left)

The Department of Economy, Planning and Development Regional Office 1 (DEPDEv RO1) held a levelling and alignment meeting with the Department of Science and Technology Regional Office 1 (DOST RO1) on February 2, 2026 at the DOST-Multi-Purpose Hall, City of San Fernando, La Union. The activity aimed to review accomplishments, harmonize efforts and ensure that the policy directions of the Regional Research, Development and Innovation Committee-1 (RRDIC-1) remain consistent with the updated national and regional Research, Development and Innovation (RDI) thrusts and priorities as outlined in the Philippine Development Plan, National Innovation Agenda and Strategy Document (NIASD), and the Regional Development Plan (RDP) .

DOST RO1 Director Teresita A. Tabaog, Chairperson of the RRDIC-1 emphasized the importance of the meeting as a platform to reinforce coordination, promote strategic RDI program/project implementation, enhance the regional innovation ecosystem, and strengthen results-oriented initiatives across member agencies and relevant stakeholders.

Key agenda items included the presentation of the RRDIC-1 2022-2025 Accomplishments, which highlighted major milestones, innovative initiatives, and collaborative undertakings that advanced RDI in the region. The Committee also discussed the RRDIC-1 2026 Work Program and Policy Agenda, outlining priority programs, proposed policy actions and strategies to accelerate innovation, enhance technology adoption and foster evidence-based planning and decision- making in Region 1. The meeting further opened discussions on the Filipinnovation Awards and Innovation Grants that the Committee can help advance, including possible future endorsement and support for promising innovators and innovation-ready solutions in the region.

The meeting further served as an avenue for both offices to establish a shared commitment of ttheir roles and responsibilities following the 2025 RDC-1 reorganization, ensuring smoother coordination in the implementation of RRDIC-1 activities.

The RRDIC-1 reaffirmed its commitment to promoting a dynamic, coordinated, and future ready RDI environment that supports the vision of a Resilient, All inclusive, Competitive, and Healthy (REACH) Region 1.

# EMPLOYMENT SECURED

Provincial Public Employment Service Office Head Engr. Egbert R. Robles, together with Eugene Santos, one of the jobseekers hired-on-the-spot by NCT Transnational Corp. as a Promo Assistant during the 2026 Ople Day Job Fair (Local and Overseas Employment), held today at the Bulacan Capitol Gymnasium in the City of Malolos, Bulacan, in celebration of the 99th Birth Anniversary of Gat Blas F. Ople.

Sina Inh. Egbert R. Robles, puno ng Provincial Public Employment Service Office, kasama si Eugene Santos, isa sa mga aplikanteng hired-on-the-spot ng NCT Transnational Corp. bilang Promo Assistant sa isinagawang 2026 Ople Day Job Fair (Local and Overseas Employment) na ginanap sa Bulacan Capitol Gymnasium sa Lungsod ng Malolos, Bulacan bilang bahagi ng pagdiriwang ng ika-99 Anibersaryo ng Kapanganakan ni Gat Blas F. Ople.





# Pagtukoy ng ICC sa 8 co-perpetrator ni FPRRD, dati nang inaasahan —Ex-Rep. Alejano

Dati na umanong inaasahan ni datin Magdalo Partylist Representative Garry Alejano ang pagkakasama ng walong malalaking pangalan bilang co-perpetrators ni dating Pang. Rodrigo Duterte.

Si Alejano ang isa sa mga naghain ng kaso sa International Criminal Court (ICC) laban sa datin pangulo.

Sa panayam ng Philippines, sinabi ng dating mambabatas na ang mga co-perpetrator ng dating pangulo na tinukoy ng ICC ay pawang may malawak na papel sa drug war ng nakalipas na Duterte administration.

Sa katunayan aniya, ilan sa mga napangalanan ay bahagi rin ng mga dokumentong isinumite nila noon sa ICC, lalo na ang mga opisyal na may direktang papel sa mga unang panahon na isinagawa ang drug war.

Paliwanag ng dating mambabatas, hindi maisagawa ng dating pangulo ang malawakang drug war kung walang direktang tulong ng mga co-perpatrator na pawang may malalim na kaalaman aniya sa iinatupad na framework.

Binalikan din ng mambabatas ang aniya'y nangyayari noong siya ay nasa Kongreso pa, at si Duterte ay pangulo pa ng Pilipinas.

Aniya, madalas matakot noon ang publiko at government officials dahil alam nilang kung kokontrahin o susuwayin ang dating pangulo ay tiyak na may kalalagyan ang mga ito, dahil na rin sa lawak ng impluwensiya ng dating presidente.

Patunay rin ito niya na may ibang nakasama ang dating pangulo sa ipinatupad na drug war, tulad ng mga co-perpetrator na tinukoy ng international tribunal.

# Ex-DPWH Sec. Bonoan, humarap sa preliminary investigation sa DOJ ukol sa 'plunder case'; kontra-salaysay, isinumite

Personal na dumalo ang dating kalihim ng Department of Public Works and Highways na si Manuel Bonoan sa isinagawang preliminary investigation sa Department of Justice ngayong araw.Kinakaharap nito ang reklamong 'plunder' na isinampa laban sa kanya kaugnay sa isyu ng korapsyon may kinalaman sa maanomalyang flood control projects.

Sa panayam, kanyang kinumpirma ang pagsusumite sa prosekusyon ng 'counter-affidavit' hinggil sa reklamo.Kaugnay sa 'plunder case', kapwa niya respondent dito ang mambabatas na si Sen. Jinggoy Estrada.Bukod kay Estrada, kabilang rin sa mga respondents maging mga state witnesses na sina former Public Works Use. Roberto Bernardo, Gerard Opulencia, at Henry Alcantara.

Pati ang yumaong si dating DPWH Usec. Catalina Cabral ay respondent din sa reklamo.Maliban sa plunder, kanilang kinakaharap pa ang paglabag sa Section 3(e) ng Republic Act 3019 o ang Anti-Graft and Corrupt Practices Act, reklamong Direct Bribery and Receiving Gifts by Public Officers at Corruption of Public Officers.Nakatakda naman ang susunod na preliminary investigation sa ika-23 ng Pebrero 2026.





# 50 na mga terminal ng mga jeep at bus pinasasagot ng LTFRB

Aabot na sa 50 mga terminal ng pampasaherong sasakyan sa Metro Manila ang pinagpapaliwanag ng Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB).

Ayon sa LTFRB – National Capital Region , na ang hakbang ay base na rin sa direktiba na matiyak na sumusunod ang mga ito sa nakasaad sa kanilang prankisa.

Binigyan ang mga ito ng hanggang Marso 17 para ipasa ng mga Pampasaherong sasakyan ang kanilang mga kasagutan.



# Ilang kalsada sa Maynila, isasara kasabay ng selebrasyon ng Chinese New Year

Pansamantalang isasara ang ilang kalsada sa lungsod ng Maynila simula ngayong Lunes, Pebrero 16 hanggang bukas, Pebrero 17 kasabay ng selebrasyon ng Chinese New Year.

Sa inilabas na advisory ng pamahalaang lungsod ng Maynila, kabilang sa mga isasarang road sections ay sa may Binondo-Intramuros Brigde simula kaninang alas-tres ng madaling araw, sa Jones Bridge (southbound) dakong alas-siyete ng hapon, at Jones Bridge (northbound) bandang alas-nwebe ng gabi.

Pagsapit ng alas-diyes ng gabi, isasara ang mga sumusunod na daanan sa may Plaza Lorenzo Ruiz u-turn access mula Juan Luna St. hanggang Quintin Paredes St.; Ongpin St. mula Juan Luna St. patungong Quintin Paredes St.; kahabaan ng Quinto Paredes St. mula Dasmariñas St. patungong Escolta St.; Jones Bridge; Juan Luna St. mula Dasmariñas St. patungong Muelle de la Industria; Binondo-Intramuros Bridge at Plaza Cervantes.

Ipapatupad din ang mga sumusunod na rerouting schemes: ang mga sasakyang manggagaling sa Luna St. ay maaaring dumaan sa Jones Bridge (southbound) saka lumiko sa Dasmarinas St, saka lumiko pakaliwa patungong Muelle de Binondo, kumaliwa sa Muelle de la Industria, dumiretso sa Muelle Banco de Nacional patungong Plaza Sta. Cruz patungo sa destinasyon.

# MPD, naglabas ng traffic advisory at road closures para sa Chinese New Year

Inilabas na ng Manila Police District (MPD) ang traffic advisory nito para sa pagsasara ng kalsada at pagbabago sa daloy ng trapiko kaugnay ng selebrasyon ng Chinese New Year sa Pebrero 17.

Ayon sa isang post ng MPD sa kanilang social media, magsisimula ang pagsasara ng Binondo-Intramuros Bridge mula alas-3 ng madaling araw sa Pebrero 16. Pagsapit ng ala-7 ng gabi, isasara naman ang southbound traffic sa Jones Bridge, at magsisimula ang northbound closure sa parehong tulay mula ala-9 ng gabi.

Magkakaroon din ng mga road closures pag-sapit ng ala-10 ng gabi, kabilang ang mga U-turn access at ilang bahagi ng mga kalsadang nakapalibot sa Plaza Lorenzo Ruiz, pati na ang Ongpin Street, Juan Luna Street, Quintin Paredes Street, at Plaza Cervantes.

Ang mga apektadong kalsada ay kinabibilangan ng Plaza Lorenzo Ruiz U-turn access, Ongpin Street mula Juan Luna hanggang Quintin Paredes, Quintin Paredes Street mula Dasmariñas hanggang Escolta, Jones Bridge, Juan Luna Street mula Dasmariñas hanggang Muelle de la Industria, Binondo-Intramuros Bridge, at Plaza Cervantes.

**MGA ALTERNATIBONG RUTA**

Upang mabawasan ang pagsisikip ng trapiko, hinikayat ng MPD ang mga motorista na gamitin ang mga alternatibong ruta habang isinasagawa ang mga road closures.

Ang mga sasakyan mula sa Juan Luna Street patungo sa Jones Bridge southbound ay ididirekta sa Dasmariñas Street, Muelle de Binondo, at Muelle de la Industria papuntang Plaza Sta. Cruz.

Ang mga motorista naman mula sa P. Burgos Avenue papuntang northbound ay inaasahang dumaan sa MacArthur Bridge o Quezon Bridge.

Habang ang mga motorista mula sa Riverside Drive at patungong Binondo-Intramuros Bridge northbound ay ida-divert sa A. Soriano Avenue at Anda Circle. Ang mga darating mula sa Muelle de la Industria at patungong southbound ay irerekomenda na dumaan sa Muelle Banco de Nacional.

Samantalang ang mga motorista mula sa San Fernando Street patungong Jones Bridge ay ididirekta sa Dasmariñas Street at Muelle de Binondo.

# Karagdagang ebidensya, narekober sa pagpatay kay MSgt. Diane Marie Mollenido at Anak

Iniulat ng Quezon City Police noong Biyernes ang pagkakarekober ng karagdagang ebidensya sa pagpatay kay Police Master Sargent Diane Marie Mollenido at sa kaniyang walong taong (8) gulang na anak na si John Ysmael, sa isinagawang search warrant sa Novaliches, Quezon City.Ayon kay Brig. Gen. Randy Glenn Silvio, hepe ng Quezon City Police, ang mga pinagsanib na operatiba mula sa Criminal Investigation and Detection Unit (CIDU), Novaliches Police Station 4, at Quezon City District Forensic Unit (QCDFU) ay nagsagawa ng paghahanap noong Huwebes ng gabi sa bahay ng mga suspek na sina Pia at Christian Panganiban sa Barangay San Agustin.Sa operasyon, narekober ang mga sumusunod na ebidensya tulad ng 14 na swabbed biological fluid samples na may mga posibleng bakas ng dugo, 8 piraso ng tela na may mga mantsa ng dugo, isang tissue paper na may bakas ng dugo, 9 strands ng buhok na pinaniniwalaang mula sa mga biktima, isang cigarette stub, at limang piraso ng Styrofoam cooler na hinihinalang ginamit upang itago ang baril sa panahon ng krimen.Ang mga item na ito ay inilipat sa Quezon City District Forensic Unit (QCDFU) para sa masusing forensic examination, habang ang dalawang CCTV units na narekober ay ipinasa naman sa Criminal Investigation and Detection Unit (CIDU) para sa karagdagang pagsusuri.



# TESDA Skills Passport pinuri; mas matibay na TVET system isinusulong

Binigyang-pugay ni House Committee on Higher and Technical Education Chair Rep. Jude Acidre ang paglulunsad ng “TESDA Skills Passport,” na aniya’y isang napapanahong reporma para sa technical and vocational education and training (TVET) sa bansa.

Ayon kay Acidre, na co-chair din ng EDCOM II, ang nasabing online platform ay direktang tugon sa mga kahinaang natukoy sa ulat ng komisyon upang masolusyunan ang “skills mismatch” at “underemployment” sa hanay ng mga Pilipino.

Sa ilalim ng Skills Passport ng TESDA, ang mga manggagawa ay maaari nang mag-imbak ng kanilang training records, National Certificates (NC), at competencies sa isang secure na digital platform na magbibigay din ng access sa mga scholarship at job matching.

Inihayag ni Acidre ang ilang pangunahing puntos:

Tulay sa Trabaho: Batay sa EDCOM II report, tumaas sa 58% ang employment rate ng mga TVET graduates mula sa dating 37% matapos ang training, kaya mahalagang gawing mabilis at “portable” ang kanilang mga kredensyal.

Industry-Aligned: Binigyang-diin ng mambabatas na hindi lamang dapat palawakin ang training, kundi tiyaking ang bawat sertipiko ay nagreresulta sa tunay na trabaho na kailangan ng mga industriya.

Hindi “Fallback” Lang: Giit ni Acidre, dapat kilalanin ang TVET bilang isang respetadong landas tungo sa disenteng trabaho at hindi lamang alternatibo kung hindi makakapag-kolehiyo.

“Ang hamon ngayon ay tiyaking ang bawat credential ay humahantong sa tunay na empleyo. Sa pamamagitan ng Skills Passport, mas mapaghahandaan natin ang pangangailangan ng labor market,” ani Acidre.

Isinusulong din ng mambabatas ang Enterprise-Based Education and Training (EBET) Framework Act upang mas mapatibay ang koordinasyon sa pagitan ng mga paaralan at mga kumpanya para sa apprenticeship at upskilling ng mga manggagawa.



# Suplay ng imported na sibuyas sapat lamang sa panahon ng anihan – DA

Binigyang linaw ng Department of Agriculture (DA) na magtatagal lamang hanggang sa panahon ng anihan ang stocks ng imported ng sibuyas ng bansa.

Ayon sa DA na mayroong 82 percent na lamang na lamang ang cold storages warehouses.

Karamihan sa mga laman nito ay pawang mga imported na sibuyas.

Dumepensa rin ang ahensiya at sinabing walang oversuplay ng imported na sibuyas sa bansa.

# DOJ, iginiit di’ awtomatikong tanggal sa resolusyon ng prosekusyon mga ‘state witnesses’ sa ‘plunder case’ vs. ex-Sen. Revilla

Iginiit ng Department of Justice na hindi awtomatikong tanggal mula sa ilalabas na resolusyon ng prosekusyon ang mga ‘state witnesses’ sa reklamong may kinalaman sa flood control.

Sa ipinadalang mensahe at pahayag ni Justice Spokesperson Atty. Polo Martinez, isasama parin ang mga ito sa resolusyon ng reklamo.

Bagama’t ‘discharged bilang state witnesses’, aniya’y pagdidiskusyunan pa rin ang alegasyon ng ‘conspiracy’ sa kanilang partisipasyon sa kaso.

Mailalahad raw kasi sa resolusyon ng prosekusyon ng patungkol rito kahit pa meron o walang ‘counter-affidavit’ at ‘manipestasyon’ ang respondents sa reklamo.

Kanyang tinukoy rito ang patungkol sa reklamong ‘plunder’ na kinakaharap ni former Sen. Bong Revilla Jr..

Kinuwestyon kasi ng kampo nito ang hindi pagsusumite nina former Department of Public Works and Highways Undersecretary Roberto Bernardo, Henry Alcantara at Gerard Opulencia ng kontra-salaysay dahil ‘discharged’ na sa kaso bilang mga ‘state witness’.

# Mataas na morale ng mga sundalo sa WPS, tiniyak ng PH Navy sa kabila ng word war sa China



Iginigiit ng Philippine Navy na hindi natitinag ang mga sundalong Pilipino na nakatalaga sa West Philippine Sea Sa kabila ng umiinit na word war sa pagitan ng Pilipinas at China.Online streaming

Ayon kay Navy spokesperson Rear Admiral Roy Vincent Trinidad, nananatiling buo at mataas ang morale ng tropa ng pamahalaan dahil nauunawaan ng mga ito ang kanilang mandate at ang tunay na sitwasyon sa karagatan.

Dagdag pa ng opisyal, dahil literal na nasa frontline ang mga sundalo, mas malalim ang kanilang pang-unawa sa isyu.

Sa katunayan, natatawa na lamang umano ang mga ito sa sitwasyon at hindi nagpapaapekto sa ingay ng pulitika.

Binigyang-diin din ni Trinidad na hindi kapwa Pilipino ang kalaban kundi ang mga dayuhang nanghihimasok sa teritoryo ng bansa.

Babala niya, ang sinumang nagpapakalat ng maling narrative ay malinaw na nagsusulong ng interes ng kalaban o ng Chinese Communist Party.

Ang pahayag ay kasunod ng iringan sa pagitan ng Chinese Embassy at ni PCG spokesperson Commodore Jay Tarriela, gayundin ang pagpasa ng Senado sa isang resolusyon na kumukondena sa mga insulto ng Beijing sa mga opisyal ng Pilipinas.

Samantala, patuloy naman ang isinasagawang modernisasyon ng Navy at pagsasagawa ang mga ng mga patrol sa disputed waters.




# German national, timbog sa tangkang pagpuslit ng P60-M iligal na droga sa NAIA

Arestado ang isang German national matapos maharang ng mga otoridad sa Ninoy Aquino International Airport (NAIA) Terminal 3 bitbit ang iligal na droga na bahagi ng mahigit P60-milyong nasabat sa aliparan.

Ayon sa ulat ng Philippine National Police (PNP), na-flag ang bagahe ng dayuhan sa Customs International Arrival Area nitong Pebrero 13.

Sa masusing inspeksyon, tumambad ang mahigit walong kilo ng hinihinalang shabu na isiniksik sa false compartment ng maleta ng suspek. Agad inaresto ang dayuhan at kinumpiska ang kontrabando.

Samantala, nasabat din sa Central Mail Exchange Center ang apat na inbound parcels na naglalaman ng tinatayang 3.8 kilo ng hinihinalang marijuana na galing sa Thailand at Canada. Ang mga ito ay itinurn-over na sa Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA).

Kasalukuyan nang iniimbestigahan ng pulisya ang mga posibleng koneksyon ng sindikato sa mga lalawigan ng Cavite, Kalinga, at Pampanga.Nagpaabot naman ng papuri si PNP Chief Police General Jose Melencio Nartatez dahil sa matagumpay na operasyon habang tiniyak ang ang mas pinahigpit na pagbabantay sa borders ng bansa.

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION
**REGIONAL TRIAL COURT**
**BRANCH 176, MANILA**
7th Floor, Parkview Plaza Building, T.M. Kalaw St.,
corner Taft Ave., Ermita, Manila.
Tel. No. (02) 8628-2988
E-mail: rtc1mnl176@judiciary.gov.ph

**IN THE MATTER OF PETITION FOR CANCELLATION OF CERTIFICATE OF LIVE BIRTH OF LILIBETH MAMARIL MURPHY AND CHANGE OF NAME IN THE SAID CERTIFICATE OF LIVE BIRTH FROM LILIBETH MAMARIL MENDOZA TO LILIBETH MAMARIL MURPHY.**

**LILIBETH MURPHY BALDANZO,**
Petitioner,

-versus-

**CITY CIVIL REGISTRY OFFICE OF MANILA, and the OFFICE OF THE CIVIL REGISTRAR GENERAL,**
Respondents.

**Case No. R-MNL-26-00540-SP**
x-----------------------------------x

**ORDER**

Before this Court is a verified petition seeking the cancellation of the Petitioner's Certificate of Live Birth, which was late-registered before the City Civil Registry of Manila on September 24, 2001, and the change of her name in her earlier registered Certificate of Live Birth (registered also in Manila on November 27, 1964), from "LILIBETH MAMARIL MENDOZA" to "LILIBETH MAMARIL MURPHY". The said reliefs are being sought to avoid confusion, as she had been using the surname "Murphy" for her entire life before she was married.

This verified petition is set for hearing on **May 06, 2026, 8:30 in the morning** at RTC Branch 176 Manila, 7th Floor, Parkview Plaza Building, Kalaw Road corner Taft Avenue, Ermita, Manila.

Let this order be published in a newspaper of general circulation once a week for three (3) consecutive weeks to be chosen by the Office of the Clerk of Court thru the Office of the Executive Judge pursuant to PD. 1079.

The Local Civil Registrar of Manila thru the Office of the Solicitor General and any other person having or claiming any interest under the entries the correction of which are being sought, may, within fifteen (15) days from notice of the person or from the last date of publication of this order, to file opposition thereto.

Furnish the respondents, the Office of the Solicitor General, and the Philippine Statistics Authority with copies of the Verified Petition with its annexes, and this Order.

**SO ORDERED.**
Manila, Philippines, February 2, 2026.

**(SIGNED)**
**CLYDE L. ASUAL**
Presiding Judge

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: February 23, March 02 & 09, 2026**

# Maybahay ni Cascolan, kinuwestyon ang pagkakasama ng yumaong dating PNP Chief bilang co-perpetrators sa ICC case

Kinuwestyon ng biyudang maybahay ni yumaong dating Philippine National Police (PNP) Chief Camilo Cascolan ang pagkakasama ng pangalan ng kaniyang mister bilang isa sa co-perpetrators ni dating Pangulong Rodrigo Duterte sa kasong crimes against humanity sa International Criminal Court (ICC).Sa isang post online, ibinahagi ni Amelia Cascolan ang isang larawan na may mga imahe ng umano'y co-perpetrators ng dating pangulo.Aniya, kung nabubuhay lamang umano ang dating hepe ng pambansang pulisya ay magbibigay ito ng "passionate lecture" hinggil sa oplan tokhang, double barrel at high value target.

Matatandaan, base sa inilabas na Document Containing the Charges ng ICC mula sa Office of the Prosecutor, kabilang sa pinangalanan si Cascolan bilang umano'y isa sa kasabwat ng dating Pangulo.Maaalalang nagsilbi si Cascolan bilang finance chief ng Davao Region Police Office mula 2011 hanggang 2012, at nagsilbing hepe ng PNP mula Setyembre 2 hanggang Nov. 10 2020 sa ilalim ng administrasyong Duterte.

Pumanaw si Cascolan noong Nobiyembre 2023, sa edad na 59 dahil sa "lingering illness."

# Pensyon ng Pinoy, ligtas sa susunod na henerasyon – SSS

Tiniyak ng pamunuan ng Social Security System (SSS) na nananatiling ligtas at matatag ang pondo para sa pensyon ng mga miyembro nito, kabilang na ang sa mga susunod na henerasyon.

Ito ay matapos maitala ng ahensya ang makasaysayang paglampas sa P1 trillion mark ng kanilang reserve funds noong 2025.

Sa ulat ni Finance Secretary at Social Security Commission (SSC) Chair Frederick Go, pumalo sa P142.97 billion ang net income ng SSS nitong nakalipas na taon—mas mataas ng 58.4% kumpara sa datos noong 2024.

Umakyat din ang kabuuang assets ng ahensya sa P1.26 trillion, na itinuturing na record-breaking financial performance.

Ayon kay Go, ang pinalakas na pondo ay garantiya na kayang tustusan ang benepisyo ng mga pensyonado sa mahabang panahon.

Kasunod ng direktiba ni Pangulong Ferdinand R. Marcos Jr., gagamitin ang matatag na pinansyal na posisyon ng SSS para masiguro ang tuloy-tuloy na serbisyo, kabilang ang mabilis na proseso sa Micro Loan at Calamity Loan para sa mga miyembrong nangangailangan.

# KIG, malinaw na bahagi ng PH; PH government, responsibilidad na tiyakin ang kaligtasan ng mga mamamayan

Nanindigan si National Maritime Council (NMC) Spokesperson Usec. Alexander Lopez na bahagi ng Pilipinas ang Kalayaan Island Group (KIG) sa kahit pa ito ay nasa labas na ng Exclusive Economic Zone (EEZ) ng Pilipinas.Online streaming

Ginawa ng opisyal ang pahayag kasunod ng kontrobersyal na pahayag ni Sen. Rodante Marcoleta na 'i-give-up' ang naturang teritoryo ng bansa.

Sa panayam kay Usec. Lopez, nanindigan itong malinaw ang posisyon ng Pilipinas sa naturang teitoryo, salig sa nilalaman ng United Nations Convention on the Law of the Seas (UNCLOS) at sa 2016 Arbitral Award

Responsibilidad aniya ng PH government na tiyakin ang kaligtasan ng mga mamamayan doon, at hinding-hindi sila papabayan ng gobiyerno

Tiniyak din ng opisyal na hindi iiwanan ng Pinas ang mga isla, bahura, at ibapang maritime feature na nasa ilalim ng soberanya ng bansa.

# NIA chief tinawag na paninira lamang ang ibinabatong isyu sa kaniya

Naniniwala si National Irrigation Administration Administrator Eddie Guillen na ang isyu ng paglipat ng pagmamay-ari ng $1.2-M na tahanan ng kanyang anak na si Claveria Cagayan Mayor Lucille Angelus "LA" Guillen sa Las Vegas, Nevada, United States of America ay paninira lamang sa kanya.

Ayon sa kanya, lahat ng bumibili ng bahay sa Estados Unidos ay sa pamamagitan ng isang Limited Liability Company.

Aniya, walang masama sa pagbili ng bahay basta dumaan lang ito sa tamang proseso.

Paliwanag niya, bago pa man pumasok ang kanyang pamilya sa mundo ng pulitika, mayroon na silang iba't ibang negosyo at kita para makabili ng nasabing halaga ng bahay sa Amerika.

Bukod dito, inakusahan daw siya ng isang news agency na may mga ari-arian na hindi niya idineklara sa kanyang Statement of Assets, Liabilities and Net Worth o SALN pero binawi nila ito kaagad.

Ayon sa news agency, binili umano ng anak ni Guillen ang five-bedroom at five- bathroom estate noong Mayo 2025 sa halagang $1.265 milyon o katumbas ng humigit-kumulang P70 milyon.

Inilipat umano ni Guillen ang ari-arian sa Southern Highland Limited – Limited Liability Company nang walang bayad noong Setyembre 21, 2025, isang buwan pagkatapos magsimulang mag-imbestiga ang gobyerno ng Pilipinas sa maanomalyang flood control at iba pang mga proyektong pang-imprastraktura.






CHARISMATIC OUTREACH MINISTRIES FOUNDATION, INC.

**By**
**Bro. Ernie Acayan**

**Mateo 3:2**
**"Ganito ang Kanyang sinasabi, "Magsisi kayo at talikuran ang inyong mga kasalanan sapagkat malapit nang dumating ang kaharian ng langit!"**

**TUNAY NA PAGSISISI**

**Sapat na ba ang paghingi ng tawad sa Dios upang sabihing tunay ang ating pagsisisi?**

**Gawa 26:20**
**"Nangaral ako, una sa Damasco, saka sa Jerusalem at sa buong lupain ng Judea, at gayundin sa mga Hentil. Ipinangaral kong dapat silang magsisi't tumalikod sa kanilang mga kasalanan, lumapit sa Diyos, at ipakita ang kanilang pagsisisi sa pamamagitan ng mga gawa."**

**Ano ang mga dapat nating gawin upang ipahayag na tayo'y nagsisisi.**

**1) May buhay-panalangin. Ang tunay na may ugnayan sa Dios ay sa pamamagitan ng isang lumalagong buhay-panalangin. Kailangan ito upang lumago ang isang mananampalataya sa kanyang pananampalataya. Ito'y hindi isang suwestiyon kundi utos ng Dios.**

**1 Tesalonica 5:17**
**"...palagi kayong manalangin..."**

**Ito ay isang utos upang lumago tayo sa pagkakakilala kay Hesus at magkaroon ng malalim na relasyon sa Kanya.**

**Ang panalangin ay paraan upang tayo ay makatanggap sa Kanya at magawa natin ang Kanyang kalooban.**

**Juan 15:5**
**"Ako ang puno ng ubas at kayo ang mga sanga. Ang nananatili sa Akin, at Ako sa kanya, ang siyang nagbubunga nang sagana, sapagkat wala kayong magagawa kung kayo'y hiwalay sa Akin."**

**2) May bagong uri ng pamumuhay. Ang tunay na pagsisisi ay ang pagtalikod sa lumang pamumuhay at paglandas ng isang bagong buhay na kasama si Kristo.**

**2 Cor.5:17**
**"Kaya't kung nakipag-isa na kay Cristo ang isang tao, isa na siyang bagong nilalang. Wala na ang dati niyang pagkatao, sa halip, ito'y napalitan na ng bago. "**

**3) Ang taong nagsisi ay may bago ng kaisipan.**

**Roma.12:2**
**"Huwag kayong makiayon sa takbo ng mundong ito. Sa halip, hayaan ninyong baguhin ng Diyos ang inyong pag-iisip upang maunawaan ninyo ang kanyang kalooban. Sa gayon, magagawa ninyo kung ano ang mabuti, kalugud-lugod at ganap na kalooban ng Diyos."**


**Ang taong may bago ng kaisipan ay ang makatatanggap ng pangunawa sa mga pahayag ng Dios.**

**Efeso 4:23-24**
**"**
**Magbago na kayo ng diwa at pag-iisip; at ang dapat ninyong isuot ay ang bagong pagkatao na nilikhang kalarawan ng Diyos, at nahahayag sa matuwid at banal na pamumuhay ayon sa katotohanan.**

**Gayun din naman, siya ay may kakayahang tumanggi sa alok ng laman, ng mundo at ng demonyo.**

**1 Juan 3:9**
**" Ang mga anak ng Diyos ay hindi nagpapatuloy sa pagkakasala, sapagkat nananatili sa kanila ang binhing mula sa Diyos. At dahil ang Diyos ang ama nila, hindi sila maaaring magpatuloy sa pagkakasala."**

**TO GOD BE THE GLORY.**



## Hollywood actor Robert Duvall pumanaw na, 95

Pumanaw na ang Hollywood actor na si Robert Duvall sa edad na 95. Sinabi ng asawa nitong si Lucianakampo nito na namayapa ang aktor sa bahay nito sa Middleburg, Virginia. Pinuri nito ang asawa dahil sa bawat karakter na ginampanan nito ay kaniyang iniingatan.

Sa anim na dekada nito sa showbiz ay nakilala siya sa ilang mga matitikas na role gaya sa "The Godfather" at "Apocalypse Now". Nominado ito ng pitong beses sa Oscars kung saan nagwagi ito bilang best actor noong 1983 dahil sa pelikulang "Tender Mercies". Nagsimula itong maging aktor noong 1963 sa pelikulang "To Kill A Mockingbird".

# Obama, 'di na kinagulat ang mala-'Cruel' racist post umano ni Trump

Sa isang podcast interview kasama ang political commentator na si Brian Tyler Cohen, sinagot ni Obama ang video na ibinahagi sa Truth Social ni Trump noong Pebrero 5 kung saan makikitang inilagay ang mukha nila ng dating first lady Michelle Obama sa katawan ng mga unggoy sa isang maikling bahagi ng clip.

Ang naturang video, na naglalaman din ng mga conspiracy claims kaugnay ng 2020 election, ay agad umani ng batikos mula sa iba't ibang panig ng US political spectrum.

Una itong tinawag ng White House na "fake outrage" bago sinabing naipost ito dahil sa pagkakamali ng isang staff member na kalaunan na tinanggal.

**'CLOWN SHOW' SA SOCIAL MEDIA**

Sa panayam, sinabi ni Cohen kay Obama na tila lumala ang tono ng diskurso nito sa politika.

Sumagot si Obama na karamihan sa mga Amerikano ay "deeply troubling" ang tingin sa ganitong asal, kahit hindi niya direktang binanggit si Trump.

"There's this sort of clown show that's happening in social media and on television… there doesn't seem to be any shame," ani Obama. Dagdag pa niya, tila nawala na ang dating respeto at propriety para sa tanggapan ng pangulo.

Ipinahayag din niya ang paniniwala na ang ganitong uri ng messaging ay maaaring makaapekto sa Republican Party sa mga darating na midterm elections, at aniya, ang magiging sagot ay manggagaling sa mga mamamayan ng Amerika.

Samantala, una nang sinabi ni Trump na hindi niya nakita ang naturang offensive clip, ngunit naninindigan siya sa mga pahayag sa video kaugnay ng umano'y election fraud noong 2020 laban kay Joe Biden.

Bukod sa isyu ng ocial media post, tinuligsa rin ni Obama ang immigration crackdown na isinagawa ng administrasyon ni Trump sa



**Tila hindi na kinagulat ni dating U.S. President Barack Obama ang umano'y kawalan ng hiya at decorum sa political discourse sa Amerika matapos lumabas ang isang kontrobersyal na video sa social media account ni U.S. President Donald Trump.**

Minnesota.

Inihalintulad niya pa ang naging kilos ng ilang federal agents sa mga demonstrador na karaniwan daw na makikita sa mga authoritarian countries.

Libo-libong federal agents kasi, kabilang ang mga mula sa Immigration and Customs Enforcement (ICE), ang nagsagawa ng malawakang raids at pag-aresto sa loob lamang ng ilang linggo.

Ngunit nagbunsod ito ng malawakang protesta at batikos sa buong bansa, lalo na matapos ang dalawang fatal shootings na naganap sa operasyon.

Tinawag ni Obama na "deeply concerning and dangerous" ang umano'y rogue behavior ng ilang federal agents. Gayunpaman, sinabi rin niya na hindi lahat ng Amerikano ay ganoon umasal.

"Not just randomly, but in a systematic, organized way, citizens saying, 'this is not the America we believe in,'" ani Obama.

## US military, binomba ang mahigit 30 target ng ISIS sa Syria



Inanunsyo ng U.S. Central Command (CENTCOM) nitong Sabado na nagsagawa sila ng 10 serye ng pag-atake laban sa mahigit 30 target ng grupong Islamic State (ISIS) sa Syria.

Sa ulat ng militar, isinagawa ang mga nasabing operasyon sa pagitan ng Pebrero 3 hanggang Pebrero 12.

Ayon sa CENTCOM, partikular na pinatamaan ng Estados Unidos ang mga imprastraktura at imbakan ng mga armas ng ISIS upang pahinain ang kapasidad ng nasabing teroristang grupo.

Layunin ng mga serye ng pag-atakeng ito na mapanatili ang seguridad sa rehiyon at pigilan ang muling paglakas ng pwersa ng Islamic State.

Binomba ng mga pwersang Amerikano ang mga kritikal na imprastraktura ng ISIS, kabilang ang mga kampo, command centers, at mga pasilidad para sa imbakan ng malalakas na uri ng armas.

Bagama't hind tinukoy ang eksaktong mga bayan, ang operasyon ay nakatutok sa mga kilalang kuta ng mga nalalabing pwersa ng Islamic State sa loob ng teritoryo ng Syria.Ayon sa ulat, walang naiulat na nasugatan o nasawi sa panig ng mga sundalong Amerikano sa kabuuan ng 10-araw na operasyon.

Sa kabila ng pagkatalo ng ISIS sa kanilang "caliphate" noong 2019, nananatili ang banta ng mga "sleeper cells" nito sa Iraq at Syria, na patuloy namang binabantayan ng U.S. at ng kanilang mga kaalyadong pwersa.

## Mga tren sa Italy, naantala dahil sa nasunog na mga kable; pag-sabotage sa Winter Olympics, tinitignang dahilan

Naantala nang mahigit isang oras ang mga tren sa Italy nitong Sabado (araw sa Italy) dahil sa pinaghihinalaang sabotage, matapos masunog ang mga kable ng tren kasabay ng pagdaraos ng Winter Olympics sa Milan at Cortina d'Ampezzo mula noong Pebrero 6.

Apektado ang mga serbisyo sa pagitan ng Naples at Rome, gayundin ang linya patungong hilaga sa Florence.

Kinondena naman ni Transport Minister Matteo Salvini ang insidente at nanawagan ng pananagutan para sa mga responsable tulad ng kaparehong problema na naranasan ng ahensya noong nakaraang Linggo"These are hateful criminal acts aimed at workers and at Italy, ani Salvani."I hope that no one plays down or tries to justify these crimes which put lives at risk," dagdag ng opisyal.Iniimbestigahan na sa ngayon ng mga awtoridad ang umano'y nasunog na mga kable sa isang seksyon ng high-speed line sa pagitan ng Rome at Naples, pati na rin ang dalawang posibleng kaso ng vandalism sa Kabisera at sa Florence.

Noong nakaraang Sabado, unang araw ng Winter Olympics, inako ng isang anarchist group ang responsibilidad ang pag-atake sa network malapit sa Bologna.Kung saan nawasak ang imprastraktura ng riles na nagdulot ng higit sa 2-oras ang pagkaantala sa high-speed, Intercity, at regional train services.Patuloy ang pagsisiyasat upang matukoy ang mga suspek at maiwasan ang karagdagang pagkaantala sa transportasyon habang nagpapatuloy ang mga palaro.




## Ultra-rare Pokemon card ni Logan Paul nabili sa $16.5-M

Naibenta ni social media star Logan Paul ang kaniyang ultra-rare Pokemon trading card sa halagang $16.5 milyon.

Taong 2021 ng nabili ng YouTuber ang Pikachu Illustrator card at rarest Pokemon card sa halagang $5.3-M.

Ayon sa Golding Auction, nabili ni AJ Scaramucci na anak ni dating White House communications director Anthony Scaramucci.

Sinabi nito na plano pa noon niya na mangulekta ng hindi mga nakukulekta.

Hindimakapaniwala si Paul na aabot sa ganung halaga ang kaniyang card.

Nandoon din si Guinness World Records adjudicator Sarah Casson para igawad ang award bilang pinakamahal na trading card na naibenta sa isang auction.

Isinama na rin ni Paul ang kaniyang diamond na kuwintas kung saan isinabit niya ang card.

Ang nasabing diamond necklace ay kaniyang isinuot sa unang pagsabak niiya sa WWE WrestleMania 38 noong 2022.

## Agency ni Lee Seung Gi, kinumpirmang 5-buwang buntis si Lee Da In sa ikalawang anak

Kinumpirma ng kampo ng Korean superstar na si Lee Seung Gi na expecting na muli sila ng kanyang asawang si Lee Da In sa kanilang ikalawang anak.

Batay sa anunsyo ng talent agency ng aktor na Big Planet Made, nasa ikalimang buwan na ng kaniyang pregnancy ang aktres.

Masayang ibinahagi ng ahensya ang balita na maituturing na mabilis na nasundan, kung saan matatandaang noon lamang Pebrero 2024 isinilang ng mag-asawa ang kanilang panganay.Kung babalikan, ikinasal ang celebrity couple noong Abril 2023, dalawang buwan matapos ang kanilang engagement. Una nilang isinapubliko ang kanilang relasyon noong 2021.Sikat sa mga Pilipino si Seung Gi dahil sa kanyang mga hit K-drama gaya ng My Girlfriend is a Gumiho at Shining Inheritance, habang nakilala naman si Da In sa seryeng Alice at Hwarang.






"LEMME TEASE BOTIQUE RTW TARLAC"
**Taytay RTW Base**
Purok Saranay Sitio Banga-banga Villa Aglipay
San Jose, Tarlac, Philippines
Contact No.# 09460277182

Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: February 23 - March 01, 2026




#308 Barangka Drive in front of Bonifacio Javier National High School, Mandaluyong City
Contact : Juliana Diesta # 09052264801
krusty.ebox@gmail.com

Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: February 23 - March 01, 2026




FB PAGE: www.fb.com/SEJCondoHotel
Contact No. 09665262989

Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: February 23 - March 01, 2026


# CROSSWORDS

## Across

1. "__ Secretary": Téa Leoni drama
6. Sound effect made with coconut shells
10. Toy with a tail
14. Horace composition
15. "Houdini" singer Dua
16. 2017 Tony winner "Come From __"
17. "... and anything else that might come up"
19. Hon
20. "Second oboe, play the right notes this time!," e.g.
22. Sneaky
23. Blood
24. Ashram figure
26. "Sing your solo correctly for once!," e.g.
31. "Gnossiennes" composer
34. Take a chance
35. Online marketing strategy, for short
36. Count in the cereal aisle
39. "Girl With a Pearl Earring" painter
41. __ Lingus
42. Invalidate
44. Like a dive bar
45. "Perform the music as written! No sharps or flats!," e.g.
49. Lavish love (on)
50. Graphic opening?
51. Check out
54. "You must!," or how a demanding conductor would interpret 20-, 26-, and 45-Across
59. Coil in a garden
61. Worker who tracks transactions
62. The America's Cup, for one
63. Sea eagle
64. Signals from space, perhaps
65. Dumpster fire
66.Mary __ Lincoln
67. Hospital employee

## DOWN

1. Feline chorus
2. National Scrabble Day month
3. Soft and fluffy
4. Med. condition treated with Ritalin
5. Medieval fair quaff
6. Healing character class in D&D
7. Pepped (up)
8. Gp. founded in Baghdad
9. Hair line?
10. Explosive sound
11. "Lemme look!"
12. Open page on a web browser
13. Cornea locale
18. Polynesian carving
21. Plunge into liquid
25. Gave a leg up to?
26. The Old __: London venue
27. Bodies of work
28. CLE player
29. Mine deposit
30. Flat-bottomed fishing boat
31. Airport security check
32. Up, in a way
33. Giant Galápagos natives
37. Hawaiian for "long"
38. Feel bad
40. Large body of eau
43. Backyard feature for a water-loving pup
46. Says out loud
47. Stunk
48. "How To __ Your Diary": interactive edition in a YA series
51. Bygone Dodge two-seater
52. Levels
53. Hardly rambling
55. Skeptical scoff
56. __ reflex: infant's instinctive protective response
57. Millennia upon millennia
58. Online discount marketplace
59. Haw counterpart
60. Be outstanding



# WORD HUNT

## THE WALKING DEAD



RICK
MICHONNE
SASHA
MICA
CARL
DARYL
BOB
EUGENE
GLEN
BETH
ABRAHAM
ROSITA
MAGGIE
JUDITH
TARA
WALKERS
CAROL
TYREESE
LIZIE

| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| A | T | R | M | A | G | G | I | E | M | D | R |
| K | T | O | E | N | N | O | H | C | I | M | S |
| O | G | S | L | I | A | R | Y | A | E | E | N |
| M | N | I | N | C | R | I | R | M | I | C | A |
| B | A | T | L | A | E | C | A | A | L | L | T |
| A | B | A | Y | R | B | K | B | B | I | S | Y |
| C | R | I | R | O | E | O | I | E | Z | E | R |
| A | A | D | A | L | B | R | B | S | Z | E | E |
| R | H | R | D | G | L | E | N | J | I | A | E |
| L | A | T | A | R | A | L | H | T | E | B | S |
| B | M | M | R | E | U | G | E | N | E | E | E |
| J | U | D | I | T | H | O | Z | A | T | R | W |
| M | Z | T | L | W | A | L | K | E | R | S | T |
| L | N | A | A | H | S | A | S | E | A | I | C |


# LeBron James nagtala ng bagong record sa panalo ng Lakers kontra Mavs

Nagtala ng panibagong record sa NBA si Los Angeles Lakers star LeBron James.

Sa edad kasi na 41 ay nagtala ito ng triple-doubles ng talunin nila ang Dallas Mavericks 124-104.

Sa nasabing laro ay nagtala si James ng 28 points, 10 rebounds at 12 assists.

Dahil dito ay nahigitan na niya si Karl Malone na nagawa din ang parehas na record sa edad na 40 anyos at 127 na araw.Nagawa ni Malone ang nasabing triple double ng manalo ang Lakers laban sa San Antonio Spurs noong Nobyembre 28, 2003.






## Alex Eala pasok na sa ikalawang round ng Dubai Open

Pasok na sa ikalawang round ng Dubai Tennis Championships si Pinay tennis star Alex Eala.

Ito ay matapos na hindi itinuloy ni Hailey Baptiste ang laro sa ikalawang round.

Nakuha ni Eala ang unang panalo sa first round na 6-4.

Pagpasok ng ikalawang round ay naging matindi ang ipinakitang laban ng American tennis star.

Nagkamit pa ng maraming deuces si Eala subalit pagkalamang ni Baptiste ng 1-0 ay nagpasya itong itigil ang laro.Nakaranas umano ang American tennis player ng pananakit sa tiyan kaya minabuti na magretire o hindi ituloy ang laban.

Labi na ikinatuwa ni Eala ang panalo kung saan ipinagdasal niya ang American tennis player na gumaling na.

Susunod na makakaharap nito ay si World number 8 na si Jasmine Paolini ng Italy

PVN SPORTS

NO. VIII | ISSUE NO. 30 | FEB. 23 - MARCH 01, 2026 | ₱ 15.00

# NBA, maghihigpit vs tanking teams

Nagbabala si NBA Commissioner Adam Silver na posibleng maharap sa mas mabigat na parusa, kabilang ang pagbawi sa draft picks, ang mga koponan na mapatutunayang sadyang nagpapatalo o nagsasagawa ng tanking.

Sa kanyang pahayag sa All-Star Weekend, inamin ni Silver na mas lumalala ang naturang gawain ngayong season kumpara sa mga nakalipas na taon.

Ito ay matapos patawan ng $500,000 na multa ang Utah Jazz at $100,000 naman sa Indiana Pacers dahil sa roster manipulation at paglimita sa playing time ng kanilang mga key players.

Dagdag pa ng opisyal, seryoso ang liga na protektahan ang integrity ng laro kaya't bukod sa multa, pinag-aaralan na rin ng competition committee ang pagbabago sa sistema ng draft lottery.

Samantala, inihayag din ni Silver na tatalakayin sa pulong ng board of governors sa Marso ang posibleng expansion ng NBA, bagama't wala pang kumpirmasyon kung sa Las Vegas o Seattle ilalagay ang mga bagong koponan.

## Sabalenka at Swiatek umatras na sa Dubai Open

Umatras na sa paglalaro sa WTA 1000 event sa Dubai sina Aryna Sabalenka at Iga Swiatek.

Inanunsiyo ng organizers ng nasabing event kung saan mula ng Australian Open ay hindi naglaro pa si Sabalenka ng matalo siya kay Elena Rybakina sa finals.

Humingi ng paumanhin sa kaniyang fans ang Belarusian tennis star na si Sabalenka kung saan hindi ito 100 percent na handa kaya babawi na lamang ito sa susunod taon.

Paliwanag naman ni Swiatek na nagkaroon ng problema sa schedule kaya hindi ito nakapaglaro sa Dubai Open.



## Chris Paul pormal ng nagretiro sa NBA

Opisyal ng nagretiro sa paglalaro sa NBA si Chris Paul.Isinagawa nito ang anunsiyo matapos na pakawalan siya ng Toronto Raptors kasunod ng three-team trade sa Los Angeles Clippers.

Sa kaniyang social media account sinabi ng 12-time NBA All-Star na nagpasya na itong magretiro matapos ang 21 taon sa NBA.

Dagdag pa ng 40-anyos na si Paul na kahit tapos na ang kabanata niya bilang NBA player ay hindi para maaalis ang basketball sa buhay niya.

Sa loob kasi ng tatlong dekada ay sa basketball umikot ang buhay nito.

Itinuturing niya na isang biyaya ang kaniyang NBA career kung saan mayroong mabuti at masamang nangyari subalit kaniyang binibigyan ng respeto ang bawat laro.

Si Paul o nakilala sa tawag na CP3 na shortcut ng kaniyang pangalan at jersey number ay naging 4th overall pick sa 2005 NBA Draft.

Naglaro ito sa mga koponan ng New Orleans Hornets, Clippers, Houston Rockets, Oklahoma City Thunder, Phoenix Suns, Golden State Warriors at San Antonio Spurs.

## Filipino Olympian Francis Ceccarelli, 54th place sa 2026 Winter Olympics



Nagtapos sa ika-54 na pwesto si Filipino Olympian at alpine skier Francis Ceccarelli sa men's giant slalom event sa 2026 Winter Olympics.

Sa kanyang unang run, nagtala si Ceccarelli ng oras na 1:27.36 upang ma-ranggo sa ika-57, at sumunod naman ang 1:20.87 sa pangalawang run, na naglagay sa kanya sa ika-53 sa run na iyon. Sa kabuuan, ang kanyang combined time ay 2:48.23.

Naiuwi naman ni Brazil's Lucas Pinheiro Braathen ang ginto na nagtala ng total time na 2:25.00. Sumunod si Switzerland's Marco Odermatt sa 2:25.88, habang kapwa Swiss na si Loïc Meillard ang kumuha ng bronze sa 2:26.17.

Susunod na lalaban si Ceccarelli sa slalom event sa darating na Lunes.

Samantala, ang kapwa Filipino skier na si Tallulah Proulx ay nakatakdang lumahok sa women's giant slalom sa Linggo at sa slalom event sa Miyerkules.

Ang paglahok nina Ceccarelli at Proulx ay bahagi ng patuloy na pagsabak ng Pilipinas sa mga Winter Olympic competitions, na nagbibigay-daan para sa mga kabataang atleta na maging inspirasyon sa bansa.

## Dillon Brooks, sinuspinde ng NBA matapos ang ika-16 na technical foul sa 49 games


Sinuspinde ng National Basketball Association (NBA) si Phoenix Suns forward Dillon Brooks matapos maitala ang kaniyang ika-16 na technical foul ngayong season.

Ayon sa patakaran ng NBA, ang isang player o coach ay otomatikong masususpinde ng isang laro nang walang sahod kapag umabot na sa 16 ang natanggap na technical foul sa regular season. Sa bawat dalawang karagdagang technical foul matapos ang ika-16, muling ipapataw ang suspensiyon.

Sa kaso ni Brooks, umabot lamang siya ng 49 laro ngayong season bago makumpleto ang 16 na technical fouls. Ang pinakahuli ay nang makaharap ng Suns ang top-seeded team na Oklahoma City Thunder, kung saan sila ay natalo sa score na 136-109.

Dahil sa suspensiyon, hindi makakapaglaro si Brooks sa unang laban ng Suns pagkatapos ng All-Star break kontra San Antonio Spurs.

Hawak ni Brooks ang career average na 14.8 points per game, 3.3 rebounds per game (rpg), at 0.9 steals per game (spg). Ngayong season, umaabot siya sa 21.2 points per game at may impresibong 1.1 steals per game.



## Pinay skier Tallulah Proulx naging pang-52 sa Winter Olympics

Nagtala sa kasaysayan ang 17-anyos na Pinay skier Tallulah Proulx sa Winter Olympics.

Siya kasi ang unang Pinay at pinakabatang Olympian ng kasaysayan ng Pilipinas.

Nagtapos sa pang-52 na puwesto ito sa women's giant slalom mayroong recording ng 2:41.62.

Sa unang roundnito ay pang-59 na puwesto hanggang mapuntahan siya sa 52 na puwesto sa final ranking.

Susunod na laban niya ay sa slalom disciplen sa darating na Pebrero 18.